Alert.seattle.gov/evacuation [Alert.seattle.gov/paglikas]

Ang Mga Pangyayari: Naglabas ang mga awtoridad ng evacuation order (utos na lumikas) para sa ilang pamayanan sa Seattle. Nangangahulugang maaari kayong hilingin na umalis sa isang lugar o pumunta sa isang itinakdang lugar na malayo sa kasalukuyang panganib.

Ano ang dapat gawin:

- Kung hiniling ng mga awtoridad na lumikas, gawin ito agad. Sundin ang anumang mga inirekomendang rutang ibinigay sa evacuation notice (pahayag na kailangang lumikas). Maaaring may mga nakapaskil na karatula sa mga kalye at highway ang ilang ruta.
- Huwag dumaan sa mga shortcut; maaaring barado ang mga ito.
- Dalhin ang mga pinakakailangang kagamitan – mga gamot, mga espesyal na pagkain, mga personal na kagamitan, mga kagamitan para sa sanggol, mga damit, pera, at mahalagang papeles.
- Siguruhin na tiwasay ang bahay bago umalis. Ikandado ang mga bintana at pinto.
- Kung posible, gumawa ng mga pag-aayos upang maalagaan ang inyong alagang hayop ng isang taong hindi naninirahan sa evacuation area (lugar na dapat likasan). Ang mga alagang hayop ay maaaring hindi papasukin ng ilang shelter at hindi din sila maaaring hayaang lumaboy.
- Kung wala kayong sasakyan, humingi ng tulong sa isang kapitbahay o kaibigan. Kung may mga nakatakdang pickup point (mga lugar kung saan maaaring masundo), alamin kung maaaring lumakad sa mga ito.
- Manatiling nakikinig sa radyo upang makuha ang pinakabagong impormasyon tungkol sa emerhensiya.
- ***Kung may kilala kayong hindi naiintindihan, nakikita o naririnig itong mensahe, mangyaring sabihin sa kanila ang impormasyong ito.***

Mga link na makakatulong:

http://www.ready.gov/evacuating-yourself-and-your-family